

1

“You killed someone?” di-makapaniwalang tanong ni Erin sa fiancé na si Jacques Medrillo. Wala pang sampung minuto nang pahangos siyang pumasok sa police station dahil sa tinanggap na tawag mula rito.

“I didn’t kill her. I don’t even know the woman! Hindi ko alam kung paano siyang nakapasok sa kuwarto ko. Hindi ako mamamatay-tao, Erin,” paliwanag nito.

Lihim siyang napamura. Wala pang isang buwan silang nakakabalik sa Pilipinas mula sa ilang taong pamamalagi sa Los Angeles ay binabato na kaagad sila ng problema.

“Do you have a lawyer?”

“Tinawagan ko na si Atty. De Castro.”

“Kailangang sabihin natin ito kay Tito Fermin,” tukoy niya sa ama ng binata.

“Don’t!” tanggi nito. “Please, Erin... I don’t know how he will take this. Ayoko nang bigyan ng panibagong sakit ng ulo ang Papa.”

Jack was a wild one. Hindi naman ito irresponsible.

He was actually very good in business. But there was a kind of restlessness in him. Hindi ito mapakali sa isang lugar.

Hindi niya alam kung may hinahanap ito o tinatakbuhan. Madalas itong napapasama sa gulo, but this homicide case was the most serious. Hindi magagawa ni Jack ang manakit ng isang babae lalo na ang saksakin ito.

“Tell me what happened.” Umupo siya sa harap ng nobyo. Pero bago pa ito makapagkuwento ay dumating ang abogado nito—a medium-sized man in his early sixties with thinning hair and a grim expression on his face.

Ipinakilala siya ni Jack kay Atty. Manuel De Castro. Muling bumukas ang pinto at pumasok ang isang babae, elegante sa suot nitong two-piece suit.

Napatayo si Jack. “Jillian?”

“Hello, Jack,” kalmanteng bati ng bagong dating na babae.

Tumaas ang kilay ni Erin. Palipat-lipat ang tingin niya sa dalawa na nakatitig pa rin sa isa’t isa. Hindi na siya nakatiis, tumikhim siya.

“Uhm... I’m sorry. That was very rude of me.”

Inilahad ng babae ang isang kamay sa kanya. “I’m Atty. Jillian Santos. Please call me ‘Jillian’.”

Ginagap niya ang kamay nito. “Erin Delgado, Jack’s fiancée.”

There was a flicker of disappointment in the woman’s eyes. Pero kaagad din iyong nawala matapos kumurap ang dalaga. Nang lingunin ni Erin si Jack ay namumutla ito at hindi makatingin sa kanila.

She frowned. The two obviously knew each other. Kung sa anong level ay hindi niya alam. Hindi naman kasi siya nagtatanong sa binata tungkol sa nakaraan nito.

“Atty. Santos will be assisting me with your case, Jack. She’s new to the firm but this brilliant young lady has the makings of a very formidable defense lawyer in the future.”

Ngumiti lang si Jillian.

Dahil wala pa namang kaso na isinampa sa binata ay nakaalis sila sa police station. Dumerecho sila sa townhouse ni Jack.

“Now, Jack, tell us what happened,” sabi ni Atty. De Castro.

Nasa sala sila. Nakapatong sa center table ang

tray ng merienda—sandwiches at isang pitsel ng iced tea. Hindi pa nag-aalmusal si Erin, kaya kumuha siya ng isang sandwich. Di-sinasadyang napasulyap siya sa batang abogada. Hinubad ni Jillian ang jacket na katerno ng royal blue sleeveless dress na suot nito bago umupo sa single sofa. Erin had to admit the woman was beautiful and stylish. Sa tantya niya ay hindi nagkakalayo ang edad nila.

Sinulyapan niya si Jack na katabi niyang nakaupo sa sofa. Nakasunod ang mga mata nito sa bawat kilos ng abogada.

“Jack, tinatanong ka ni Attorney.”

Tumiim ang mga bagang ng kanyang kasintahan.

“Kasama ko ang dalawang kaibigan ko.” Nilingon siya ni Jack. “I told you, didn’t I?” Tumango siya. Nagpaalam nga ito na lalabas kasama ang dalawang kaibigan na ilang taon din nitong hindi nakita.

“It was past midnight, I think. Nasa *Single Step Club* kami. It was an exclusive club and Erick was a member. Marami na kaming nainom noon and none of us was fit to drive anymore. Nag-suggest si Erick na mag-book na lang kami ng room sa likod ng bar. They have these backrooms that clients can use when they want to stay the night. And we did, not for anything.”

Muli siyang nilingon ni Jack. “I swear, Erin. Pumasok lang ako sa kuwarto para matulog.”

Tumango siya at pinisil ang braso nito.

“Saan mo nakilala ang babaeng biktima?” tanong ni Atty. De Castro.”

“Hindi ko siya kilala. I admit may mga ipinakilalang babae sina Erick sa akin, pero hindi siya kabilang doon. I’m not even sure kung naroon rin siya sa club kagabi.” Sandali itong huminto at sumulyap na naman kay Jillian. Naramdaman niyang nag-tense ito nang mapagawi rito ang mga mata ng huli.

“Naunang pumasok sa sarili nilang kuwarto sina Erick at Randy. I stayed for ten minutes more. And then I went to my room and slept. Paggising ko, may katabi na akong bangkay.”

“That’s odd!” bulalas niya.

“Nasa custody na ng *CIDG* ang mga footages from the club’s surveillance cameras. Inaalam na rin ang identity ng biktima. The victim died of one fatal stab wound in the chest. Walang nakuhang murder weapon ang *SOCO*,” sabi ni Atty. De Castro.

“So what now?” tanong ni Jack.

“For now, we wait. Wala pa tayong magagawa

hangga't hindi malinaw sa atin ang nangyari," anito.

Erin nodded in agreement. Sumandal siya sa balikat ng nobyo at pinisil ang kamay nito bilang assurance. Kung susulyapan lang niya ito ay makikita niya na na kay Jillian naka-focus ang atensyon nito.

"I don't need a bodyguard. I told you, aksidente lang ang nangyari."

"Erin, a car tried to ram you. That's *not* an accident in my vocabulary," pigil ang galit na sabi ni Jack. Palabas na sila ng hospital. Pinuntahan siya kaagad ng binata matapos nitong malaman ang nangyari sa kanya.

Umiling si Erin. Kinapa niya ang maliit na benda sa sentido. May galos din sa kaliwang braso niya. At sumasakit pa ang balakang niya na bumunggo sa side mirror ng humahagibis na kotse.

Kalalabas lang niya ng opisina ng kanyang abogado. Kakukuha lang niya ang deed to a commercial space na binili niya nang nagdaang linggo. Isa iyong dating coffee shop na balak niyang i-renovate para sa kanyang interior decoration business.

Nakaparada sa kabilang bahagi ng kalsada ang

kanyang kotse. Patawid na siya nang tumbukin siya ng isang humaharurot na pick-up. Hindi ito nagmenor. Nagawa niyang makaatras kaagad para hindi siya mabunggo nito. Pero hindi sapat ang bilis niya dahil nahagip ng side mirror ng sasakyan ang balakang niya. It was a miracle her hip wasn't fractured. But she hit her head on the pavement. Another miracle that she didn't suffer a concussion.

“The driver must've been drunk!” katuwiran ng dalaga.

“At ten in the morning?” tanong ni Jack. “I have a bad feeling about this. Malakas ang kutob kong may kinalaman ito sa nangyari sa akin.”

Malabo pa rin ang nangyari sa club. Malinaw na nakita sa CCTV footage ng club na nag-iisa lang si Jack habang naglalakad sa pasilyo patungo sa backroom. Pero hindi nahagip ng camera ang mismong silid na inokupa nito.

Walang makapagsabi kung nasa club ang babaeng biktima noong gabi ng krimen. Hindi malinaw kung sino ang may pakana niyon at kung ano ang motibo. Hindi pa nakikita ang murder weapon at lalong hindi pa natutuklasan ang identity ng biktima.

“Jack, you're just overreacting. I'm perfectly safe.”

“I won’t risk your safety, Erin. Nangako ako sa daddy mo na hindi kita pababayaan.”

Umikot ang mga mata niya. “Tinawagan ko si Jill—er, si Atty. Santos. May kakilala siyang dating sundalo na ngayo’y nagtatrabaho na sa isang security agency. Papunta na sila sa bahay.”

Tahimik lamang ang lalaki.

“Speaking of Atty. Santos, paano kayo nagkakilala?”

Binuksan nito ang passenger door ng van at inalalayan siyang sumakay. Saka lang ito nagsalita nang mailabas na nito ang sasakyan sa compound ng hospital.

“Magkababata kami. Pamangkin siya ng dati kong yaya.”

“I see. And when was the last time you’ve seen her?”

“Twelve years ago. Remember, nauna ka lang nang ilang buwan sa akin sa L.A.”

Nag-aral din sa Los Angeles si Jack. At dahil matalik na kaibigan pala ng Tita Eloise niya ang papa nito ay madalas bumisita sa kanila ang binata. She liked him the instant she met him.

“Teka muna, huwag mong sabihing nagseselos ka kay Jillian,” tudyo nito.

Nagkibit-balikat siya. “May dapat ba akong ipagselos?”

In truth, Erin was just curious. Nakilala niyang matinik sa babae si Jack. Maraming babae ang na-link dito kahit noong nasa abroad sila. It was probably odd but she had never been jealous of any woman before.

Hinawakan nito ang isang kamay niya at hinalikan. “You have nothing to be jealous about. Jillian and I were old friends.”

Muli ay nagkibit-balikat ang dalaga. Humilig siya sa balikat ng nobyo. Naabutan sila ng red light sa isang intersection. Bumaling sa kanya si Jack, itinaas ang kanyang baba at kinintalan siya ng halik sa labi. Limang segundo lang ang itinagal ng halik na iyon. And as usual, it felt... bland.

She couldn't fault Jack. He was a good kisser, maraming ulit na niyang napatunayan iyon. Nasa kanya ang kakulangan.

Hindi niya maramdaman dito ang mga sensasyong nababasa niya sa libro. The toe-curling, mind-numbing sensations, the flutter of butterfly wings in the stomach, the goosebumps... Minsan na niyang

naramdaman iyon.

“Someday, Princess, I’ll give you a proper kiss.”

Bigla siyang tumuwid ng pagkakaupo. Ipinilig ni Erin ang ulo.

“Masakit ba’ng ulo mo?” tanong ni Jack. Bakas ang pag-aalala sa mukha nito.

“H-hindi. May... naalala lang ako.”

Lihim na napamura si Erin. Hindi tamang isipin niya ang ibang lalaki gayung kasama niya ang kanyang fiancé. At hindi rin tamang ikumpara niya si Jack dito. Jack was the best thing that ever happened to her. Hindi lang sila magnobyong kundi magkaibigan din. He was the only person who never left her.

Nag-ring ang cellphone nito. Isinuot ng binata ang earphones.

Tahimik lang siyang nakamasid sa dinaraanang nila habang kausap nito ang tumawag.

“Si Jillian ’yun. Nasa bahay na sila n’ung magiging bodyguard mo.”

Umungol siya. “Do I really need a guard dog?”

Tumawa ito. “Huwag na kasing matigas ang ulo mo, Sweetheart. Sundin mo na lang ako. I don’t want

anything to happen to you. Mapapanatag lang ang loob ko kung alam kong may nagbabantay sa iyo.”

“Bakit hindi na lang ikaw ang magbantay sa akin?”

“Alam mong hindi p’wede. May kaso pa akong hinaharap. Kailangan kong linisin ang pangalan ko. Besides, kung tama ang hinala kong may kinalaman sa kasong iyon ang aksidente mo, mas magiging ligtas ka kung pansamantala kang lalayo sa akin.”

Nanunulis ang ngusong ipinagkrus niya ang dalawang braso sa dibdib.

“It’s only temporary, Sweetheart.”

She grunted.

Ilang minuto pa’y papasok na sila sa village kung saan naroon ang townhouse ni Jack.

“What the...?” Mabilis na inihimpil ni Jack ang sasakyan sa tabi ng isa sa dalawang police mobile na nakahinto sa tapat ng townhouse nito.

Nagmamadali silang lumabas ng sasakyan.

“Ano’ng nangyari dito?” tanong nito sa isa sa mga pulis. Hindi na nito nahintay ang sagot. “Jillian!” Pahangos nitong nilapitan ang abogada na nakaupo

Meant To Love You - Doreen Laroya

sa loob ng isang EMT van. “What happened here? Bakit may sugat ka?” tanong nito sa abogada.

“May nagpaulan ng bala sa townhouse mo,” anang isang tinig-lalaki mula sa likuran nila. Natigilan si Erin. Pamilyar ang boses na iyon!

“J-Jordan?”

Ngumiti ito, that same lazy smile she found too endearing.

“It’s nice to see you again, Princess. Kumusta ka na?”

2

Peace and quiet at last. Naupo si Erin sa pinakaitaas na baitang sa pinakadulo ng bleacher sa loob ng school gymnasium. Naka-lock ang front entrance pero bukas ang side door kaya nakapasok siya.

The inside was deserted and dimly lit. Pero may kaunting liwanag na pumapasok sa ceramic blocks sa dingding.

Sumandal siya at hinugot ang isang suspense-thriller novel mula sa kanyang bag. Alas tres pa lamang ng hapon, kalahating oras bago ang sunod niyang klase na wala siyang balak pasukan. She skipped her last class so she could finish her book. Nitong nakakaraang buwan ay ilang ulit na siyang nag-cutting class. And she was getting better at it. Siguradong hahanapin na naman siya ni Teacher Sofie. At magsusumbong na naman ito sa principal.

Tiyak na malalaman ito ng daddy niya at mapapagalitan na naman siya. Pero wala siyang pakialam. Hindi naman na siya ang priority ng kanyang ama ngayon, what with that woman he married recently, less than a year after her mother's death. Ni hindi man lamang ito nakapaghintay ng

babang-luksa bago mag-asawa muli.

Erin shook her head and dispelled stressful thoughts of her current relationship with her father. Mas masarap pang mag-focus sa novel ni Tom Clancy na binili niya sa National Book Store noong isang araw. Fifteen minutes later, she was engrossed in the fantasy world, so engrossed that she didn't hear the side door opening, nor see the tall man approaching.

Tumayo ito sa harapan niya at malakas na tumikhim.

Napaangat ang kanyang ulo mula sa binabasang libro. "Sino ka? Paano ka nakapasok? Ano'ng ginagawa mo dito?" usisa niya.

Matangkad ang estranghero. Nakasuot ito ng abuhing t-shirt at jeans na nalaslas na sa gawing tuhod dahil sa kalumaan. Pagtungo ni Erin ay isang pares ng lumang rubber shoes ang nakita niya. May nakasukbit na lumang knapsack sa balikat nito.

Her gaze went back to his face and something in his eyes held her captive. He must've been in his early twenties based from his youthful stance. But he was different from the few young men she'd met. He had an air of... confidence. Not because he's gorgeous, dahil sa pamantayan niya ay hindi naman ito guwapo.

Pangahan ang mukha nito at katamtaman ang tangos ng ilong. His lips were thin, a bit skewed—not at all handsome.

But his smile, the cheeky little quirk at the corner made him look... sexy. And his eyes... deep-set shielded by thick, long eyelashes that she herself envied. All in all, the stranger was good enough to look at.

Muli itong tumikhim at nang magtama ang mga mata nila ay nabasa niya ang panunukso sa mga iyon.

“Jordan,” anito.

“Huh?”

Lumapad ang pagkakangisi nito. “Tinanong mo kung sino ako, di ba? O nakalimutan mo na agad dahil sa katititig sa akin?”

Biglang namula ang buong mukha ni Erin. “Ang kapal ng mukha mo, ha? Ba’t naman kita tititigan, eh, hindi ka naman guwapo?”

He chuckled, the sound made butterflies flutter inside her stomach. Hindi iyon nangyari sa kanya kahit noong makilala niya ang kanyang ultimate crush. And that was that other thing—his voice. It was like a deep purr, iyon bang palaging nanunukso.

“Paano kang nakapasok dito?” Lalong tumingkad

ang pamumula niya. Noon niya natandaang tinanong nga niya ang binata.

“Nakapasok ako sa parehong pinto na pinasukan mo. At tungkol sa huling tanong mo...” Itinaas nito ang bitbit na pandakot at walis tambo. “Nandito ako para maglinis. Kaya kung puwede lang...” Ikiniling nito ang ulo, halatang pinaaalisan siya.

Naningkit ang mga mata niya at padabog niyang isinara ang libro. Walang-imik siyang tumayo pero sa halip na lumabas ng gym ay lumipat lang ng puwesto ang dalaga sa kabilang dulo ng bleacher.

Pagkaupo ay tinitigan niya nang matalim ang lalaki na nakatingin din sa kanya. Ipinagpatuloy niya ang pagbabasa ng libro. Sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita niyang inilabas nito mula sa bag ang isang portable audio cassette player, ikinabit ang headphone, isinukbit ang player sa baywang, pinindot ang play button at nagsimulang magwalis.

Baduy! Hindi ba nito alam na uso na rin ang MP3 player sa Pilipinas?

Inis na ibinalik niya ang pansin sa libro at nagsimula na muling magbasa.

“It’s my life. It’s now or never...”

Meant To Love You - Doreen Laroya

Muntik na niyang mapunit ang page na binabasa dahil sa gulat. Inis na tiningnan niya ang lalaking ginagaya si Bon Jovi. Hawak nito ang walis tambo kung paanong hinahawakan ang isang gitara, his fingers strumming the imaginary strings.

“I ain’t gonna live forever. I just want to live while I’m alive...”

The darn jerk could sing! Hinintay niyang sumabit ang boses nito sa mataas na nota pero hindi iyon nangyari. His rendition would make Bon Jovi weep in delight. He could even imitate the singer’s raspy voice.

Erin watched in amazement as he belted out the high notes. His voice and his subtle moves with his imaginary guitar entranced her. Kung hindi pa may dumapong langaw sa kanyang baba ay hindi pa niya mamamalayang kanina pa siya nakanganga.

Buwiset na lalaki ’to! Muntik na akong makalunok ng langaw, inis na sabi niya sa sarili.

Suddenly furious at the object of her momentary distraction, she stood up, approached the unsuspecting stranger and yanked the headphone from his ears.

“Hey!” Mabilis itong lumingon.

“Hindi mo ba nakitang nagbabasa ako? Hindi ka

ba makapaglinis nang hindi kumakanta?"

May pinindot ito sa player bago siya hinarap. "Miss, ipapaalala ko lang, gym 'to at hindi library. At schedule ng paglilinis ko. Kung naiistorbo ka, maghanap ka ng ibang mapagtatambayan mo."

Nag-init ang kanyang mukha dahil sa may kayabangang sinabi nito.

"Kilala mo ba kung sino ang pinagsasalitaan mo?"

Matiim siyang tiningnan nito mula ulo hanggang paa. Ilang segundo ring hindi ito kumibo, hinaplos ng hintuturo at hinlalaki ang baba habang animo'y nag-iisip.

"Hindi," anito na umiling pa. Nanlaki ang mga mata niya nang ipatong muli ng kausap sa ulo ang headphone at pindutin ang play button ng cassette player. Ilang sandali pa'y kumakanta uli ito habang nagwawalis.

He ignored her? Lalong nadagdagan ang init ng ulo ni Erin. Lumapit siyang muli at hinila ito sa balikat.

"You're the most arrogant, infuriating man I've ever met!" aniyang dinuro pa ito. Nangingkit ang mga mata nito. Itinuro ang headphone at umiling, indikasyon na wala itong marinig.

“Ugh!” Kuyom ang mga kamao na nagmartsa siya palayo. Kinuha lang niya ang mga gamit at nagdadabog na lumabas ng gym. Nanggigigil pa rin siya sa galit kahit nang nasa labas na.

What now? Hindi siya puwedeng lumabas ng campus dahil alas cinco pa ang uwian ng mga estudyante. Hindi siya palalabasin ng guard maliban kung may permission slip na galing sa guidance office na pinapayagan siyang umuwi nang wala sa oras. And she could not march inside the office and request for a permission slip for no apparent reason.

Tumingin siya sa relo; may five minutes pa bago magsimula ang kanyang Physics class. God, she hated that subject! Pero mukhang wala siyang choice kundi um-attend sa kanyang huling klase.

Darn that Bon Jovi wannabe!

The Bon Jovi wannabe was now a hunk! And he was staring at her with a deep frown.

Napalunok si Erin. Wala sa loob na nakapa niya ang dibdib. Pakiramdam niya kasi ay tatalon palabas ang kanyang puso sa tindi ng kanyang kaba.

“Ano’ng ginagawa mo dito?”

“Ano’ng nangyari sa iyo?”

Natigilan sila nang magsabay pa silang magtanong.

Jordan cupped her face before she could object. Ibinaling nito ang kanyang mukha sa kaliwa at sa kanan bago kinapa ang benda niya sa sentido. Next, he examined her neck down her shoulders and arms.

Nagpumiglas siya, but he held her steady.

“Ano ba? Tigilan mo na nga’ng ginagawa mo! Stop touching me!”

“I’m just checking for injuries, Princess.”

“Jordan, galing na ako sa ospital. They’ve already examined me and I’m fine. Stop fussing!”

His *fussing* hands were already unnerving her. Nag-iinit ang buong katawan niya. Pakiramdam ni Erin ay ilang ulit siyang dinikitan ng buhay na kawad ng kuryente. Her skin tingled... delightfully.

“Bakit may mga sugat ka?” kunot-noong tanong ng binata. He stopped touching her but his eyes kept staring, skimming her body. And damn him, she was feeling hotter! His eyes had always been his best feature. How many times had she drowned in them?

She crossed her arms over her chest. Her nipples were starting to respond, hardening... aching for attention. At manipis ang silk blouse na suot niya.

“Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko. Why are you here?”

“He’s going to be your bodyguard, Miss Delgado.”

“What?” Matalim ang mga matang nilingon niya si Jillian. May bandage ito sa kaliwang braso. Duguan ang shirt sleeve nito.

“Can we go inside?” tanong ni Jack na ang isang kamay ay nakaalalay sa uninjured forearm ng abogada.

“Hindi pa nare-recover ng *SOCO* ang lahat ng shells ng AK-47,” kalmadong saad ni Jordan. “Ang mabuti pa’y sa ibang lugar na lang tayo mag-usap.”

Sumang-ayon si Jack. May binanggit na address si Jordan. The former agreed.

Isang unipormadong pulis ang lumapit sa kanila. Kaibigan ito ni Jordan. May mga itinanong lang ito at pagkatapos ay hinayaan na silang makaalis.

Hinawakan ni Jordan ang braso ni Erin nang aktong susunod siya kina Jack at Jillian.

“You’re riding with me, Princess.”

“No, I’m not!” Napalingon ang dalawa nilang kasama dahil sa outburst niya. “Jack, I’m going with you.”

“Hindi magandang idea ’yan, Princess. Mahihirapan si Jack kung dalawa kayong alalahanin niya. At hindi pa tayo nakakasigurong wala na sa paligid ang gunmen. They could be lurking somewhere waiting for another opportunity.”

Akmang magsasalita si Erin pero naunahan siya ng kasintahan.

“He’s right, Sweetheart. Mas mabuti kung sasama ka sa kanya. He can take care of you.”

“You can take care of me, too. Bakit hindi na lang si Atty. Santos ang sumakay sa kotse niya?”

“Alam mo, tama si Miss Delgado,” sang-ayon ni Jillian.

“No!” sabay pang bulalas ng dalawang lalaki.

Nakangangang napalingon siya kay Jordan. Ganoon din ang naging reaksyon ni Jillian. Nagkatinginan sila ng abogada. Napailing ito at nagkibit ng balikat.

“We’ve wasted enough time. Mr. Medrillo, magkita na lang tayo sa apartment in about an hour. Let’s go, Princess.”

“What? But—” Halos kaladkarin na siya ni Jordan papunta sa kotse nito. Ganoon din ang ginawa ni Jack kay Jillian nang lingunin niya. Sumulyap sa kanya ang nobyo bago ito lumulan sa kotse.

Stubborn, arrogant men!

“Where are we going? At bakit aabutin tayo ng isang oras para makarating d’un?”

“Evasion technique, Princess. Gaya ng sinabi ko kanina, baka nasa paligid pa ang gunmen. Mas makabubuting tiyakin na walang sumusunod sa atin bago tayo dumerecho sa safehouse.”

“What about Jack?”

“Alam na ni Jack kung ano’ng gagawin. Don’t worry.”

She snorted. Jordan glanced at her and smiled.

“Parang hindi ka natutuwang makita ako.”

“Why should I? I didn’t expect to see you again after twelve years,” she said sardonically. Mukhang hindi naman apektado ang binata.

Meant To Love You - Doreen Laroya

“Kilala mo ako, parang kabute na basta na lang sumusulpot.”

Parang kabute... Siya ang nagbansag niyon kay Jordan. And just like that, the memories came back.

3

“Hi!”

Napisil ni Erin ang preno ng bisikleta dahil sa biglang pag-agapay ng isang bike sa kanyang tabi at pagsasalita ng sakay niyon. Mabilis niyang naitukod ang kanang paa para hindi matumba.

Nagpreno rin ang sakay ng ikalawang bike at humarap sa kanya.

“Ikaw na naman?” She glared at Jordan’s grinning face. Nagkamot ito ng ulo.

Naging routine na niya ang pagpunta sa Luneta tuwing Sabado ng umaga. She would often start her jog at six o’clock and then rent a bike and cycle around the park for hours. It was her private outing, a time to shed her icy shield and just be a teenager, a time to relish her independence. Kahit ang daddy niya ay hindi alam ang tungkol sa pagpunta niya sa park.

Hindi niya inaasahang makikita rito si Jordan. Just the other day, bigla na lang itong sumulpot sa tabi niya habang naglalakad siya pauwi, sakay ng bisikleta nito. Nakasama niya itong kumain ng pananghalian sa isang karinderya.

“Huwag mong sabihin na madalas ka ring narito tuwing Sabado.”

“Well, ang totoo niyan—”

“Binayaran ka ba ng daddy ko para sundan ako?”

“Huh?”

Sa kanyang pagkairita ay totoo ang bumakas na kalituhan sa mukha nito.

“Bakit naman kita susundan? At bakit ako babayaran ng daddy mo? Ni hindi ko nga siya kilala.”

Tinaasan niya ng kilay ang lalaki. Nangunot ang noo nito.

“Iniisip mo talagang sinusundan kita?”

“Why else would you appear out of nowhere all of a sudden? Para kang kabute. Imposible namang coincidence lang na nagkita tayo rito.”

To her surprise, he chuckled.

“Maaaring maliit ang probability dahil malaki itong park pero hindi imposible, Princess.” Itinaas nito ang dalawang palad nang makitang bumuka ang bibig niya upang magsalita. “Bago mo ako sermunan, makinig ka muna, p’wede?” Itinikom niya ang bibig. “Hindi kita sinusundan. Sa maniwala ka o hindi,

dito ako nagpapalipas ng umaga tuwing weekends. Napansin lang kita kanina. Hindi nga ako siguradong ikaw 'yun kaya lumapit ako."

"Gusto mong maniwala ako sa iyo?"

Jordan frowned, shook his head and then he snickered. "Bakit nga ba ako nagpapaliwanag sa iyo? Kung ayaw mo sa company ko, fine. Malaki naman itong Luneta, at may karapatan din akong mag-ikot dito. Pipilitin ko na lang na huwag magkrus ang landas natin." He gave her a two-finger salute. "Adios, Princess! Ingat ka na lang."

He rode off, leaving her gaping. Hindi inasahan ni Erin na magiging bastos ito. But she was rude to him first. Baka nga coincidence lang talaga na nagkita sila rito.

Nagpakawala siya ng isang malalim na buntong-hininga. "Sandali!" sigaw niya sa binata na hindi pa gaanong nakakalayo. Huminto ito at lumingon sa kanya.

"May nakalimutan ka pang sabihin?" sarkastikong tanong nito. She grimaced. She deserved that tone.

"S-sorry," pabulong niyang sabi. Pilit niyang sinalubong ang titig nito. Inabot din nang ilang segundo ang sukatan nila ng tingin. Nakahinga lang siya nang

maluwag nang ngumiti ang binata. Napangiti rin siya.

“Paano ka nga pala napunta sa ampunan?”

Galing kay Erin ang tanong na iyon. Magkatabi silang nakaupo sa damuhan. Pasado alas nueve na ng umaga at dumarami na ang mga tao sa Luneta. Naisauli na nila ang hiniram na bisikleta.

“Five years old na ako nang dalhin ako ni Inay doon,” tugon ni Jordan.

So they had one thing in common. Pareho lang silang inabandona ng kani-kanyang ina.

“How about your father?”

Malungkot na ngumiti ang binata. Nakatanaw ito sa isang pamilyang naglatag ng isang blanket sa di-kalayuan. The father was giving his two kids piggyback rides habang inilalabas naman ng nanay ang baong merienda. Halata sa simpleng pananamit ng mga ito na hindi mayaman ang pamilya. But they were happy. The father was obviously very fond of the two girls. Halata rin ang kasiyahan sa mukha ng ina habang pinagmamasdan ang mag-aama.

Alam niyang pareho lang sila ni Jordan na nakaramdam ng inggit. She averted her gaze and

swallowed the lump in her throat.

“Natatandaan ko noon na dinala ako ni Inay sa isang mansyon. May lumabas na lalaki, tinitigan ako at saka binigyan ng pera si Inay. Ipinagtabuyan niya kami pagkatapos.”

“So mayaman ang tatay mo?”

Tumango ang binata. “He’s a politician. Congressman na yata siya ngayon.”

“B-bakit hindi ka niya tinanggap?”

“Dahil anak lang niya ako sa labas. At makakasira sa reputasyon niya kapag lumabas ang tungkol sa akin. At saka, hindi rin ako tatanggapin ng pamilya niya. Nalaman ko lang ’yun mula sa house mother na nag-alaga sa akin sa ampunan.”

Another thing they had in common. They were both unwanted by their fathers.

“Alam mo ba, akala ko noon may pinuntahan lang si Inay. Akala ko babalik din siya kinahapunan. I waited patiently. Pero hindi na siya bumalik.”

The sadness in his voice was unbearable. In Erin’s mind she could picture that five-year-old Jordan, standing alone in one corner, round eyes focused on the entrance, gleaming with hope for that one familiar face.

She could feel his disappointment when that familiar face never came back. She could taste the bitter tang of betrayal.

Unconsciously, she touched his arm. He covered her hand with one of his. Nagulat siya sa animo kuryenteng biglang nanulay sa katawan niya. Much as the physical contact made her nervous, she could not find the strength to pull away.

“W-wala bang umampon sa iyo?”

Umiling ito. “Mas gusto ng mag-asawang umampon ng babies kaysa mga five-year-olds.”

“Sino ang nag-alaga sa iyo?”

“Si Nanay Azon. Siya ang house mother na nag-alaga sa amin. Mabait siya at maasikaso.”

Malungkot pa rin siyang nakatitig sa kausap nang bigla itong tumawa.

“Hey, ngumiti ka naman. Hindi mo kailangang maging malungkot. My childhood’s not that bad.”

Not that bad? Paano iyon nasasabi ni Jordan?

“H-hindi ka man lang ba nagalit sa nanay mo dahil iniwan ka niya? Sa tatay mo?”

“Wala namang magbabago kung pinairal ko

ang galit, di ba? 'Yun ang unang itinuro sa amin ni Nanay Azon, na huwag kaming magtatanim ng galit sa aming puso dahil kami rin ang mahihirapan. Anuman ang dahilan, ang nangyari'y nangyari na. It's just a waste of time to dwell on the past. Maraming dapat ipagpasalamat, maraming dapat ikatuwa. My mother might've abandoned me, but I was never alone. Despite what happened, I was loved. Sapat na 'yun para magpatuloy akong maging masaya."

I wish I was as strong and as forgiving as you, lihim na nasabi ng dalaga sa sarili.

"S-si Nanay Azon... ang sarap siguro niyang maging nanay."

"Tama ka." He smiled pensively. "She was a great woman. She taught me everything I knew. Nagagalit siya kapag nakita akong nakasimangot. Nakakahawa ang positive outlook niya sa buhay. N'ung kasama pa namin siya, there was never a dull moment. There was never a dark and cold moment because we have our very own sun." Sumulyap ito sa kanya. "Ang sabi ng iba, may mga taong hindi marunong magmahal. Pero hindi naniniwala si Nanay Azon doon. Kahit daw 'yung pinakasigang kriminal, nagmahal at minahal minsan sa buhay niya. People sometimes have strange ways of showing their love, lalo na ang mga magulang. My

parents loved me, in their own convoluted way.”

May punto si Jordan.

“I wish you could meet Nanay Azon.”

“P’wede naman. I would be honored to meet her.”

Umiling ito. “Pero hindi mo na siya makikilala sa personal. Namatay siya dahil sa sakit niyang cancer isang linggo bago ang high school graduation ko.”

Napasinghap si Erin. Nais niyang magsalita, pero wala siyang maisip sabihin.

“Hey, huwag kang malungkot.” Natatawang pinisil nito ang baba niya.

“How can you take this thing lightly? Nawalan ka ng pangalawang ina.”

“Nakasama ko naman siya nang sampung taon.”

“Oo nga, pero...”

“Isang bagay pa na itinuro sa akin ni Nanay Azon, may mga dumarating na tao sa ating buhay. Mayroon ding mga umaalis. And in between the comings and goings are moments we could spend loving them. Ang mali kasi sa atin, ang naaalala lang natin ay ‘yung oras na iniwan tayo. We tend to forget the times before that. The times we’ve shared.”

Isa si Erin sa mga taong iyon. Ang naalala lang niya ay ang araw na nakita niyang walang lingon-likod na umalis ang kanyang ina. Hearing Jordan, bits and pieces of childhood memories flashed before her eyes. The picnics at the park, the outings at the beach, the Friday movie marathons...

There was once a time that they were a family.

“Hey...” A finger smoothed her furrowed brows.

“I... I’m sorry, may naalala lang ako.”

“Gusto mong sabihin sa akin?”

Magagawa ba niya? Unfair na ito lang ang naghinga ng life story nito sa kanya. Pero hindi siya kasing-tapang ng binata. There was still a part of her that’s hesitant, cynical. Isa pa, kapag nalaman nito ang kalagayan ni Erin ay tiyak na maaawa ito. He was luckier than she was, after all.

Umiling siya. “I... I can’t. Pasensya na.”

Kung na-offend man ay hindi iyon ipinakita ni Jordan. Ngumiti ito at tumayo. Inalok nito ang isang kamay sa kanya.

“Let’s go. Pumasok tayo sa Orchidarium.”

Kung kumilos ito ay parang hindi seryoso ang

pinag-usapan nila. There was no trace of sadness or bitterness in his voice. His face was beaming with contentment. That moment she envied him.

Si Jordan ang nagbayad ng entrance fee sa Orchidarium.

“Alam mo bang dati itong parking lot?” Umiling siya. Nagpatuloy sila sa pagbagtas sa walkway. “And this is the Trellis of Waves,” anito nang dumaan sila sa ilalim ng magkaugpong na sanga ng dalawang puno kung saan nakasabit ang ilang kumpol ng baging na parang kurtina.

Along the trail were different varieties of floral and ornamental plants such as the song of blooms. Makikita rin sa paligid ang ilang species ng palm trees—ang pabilog na dahon ng anahaw, ang mahahaba at hugis-buntot ng isda na dahon ng fishtail palms, ang mangasul-ngasul na dahon at matabang katawan ng blue palms...

Dinala siya ng binata sa Reflection Point, isang parte ng Orchidarium kung saan puwedeng mag-meditate ang isang tao sa piling ng mga halaman kasabay ang mabining pagbagsak ng tubig mula sa isang talon.

“Bakit nga pala ‘Princess’ ang tawag mo sa akin?”

Erin ang pangalan ko.”

“Alam ko, pero mas gusto kong tawagin kang ‘Princess’ kasi para kang prinsesa.”

“Compliment ba ’yan?”

“Compliment syempre. Maganda ka at matalino. May paninindigan ka kasi sinasabi mo kung ano’ng nasa isip mo. Hindi ka rin umuurong sa isang laban kapag alam mong nasa tama ka. May pagkapilya ka rin. Nasa iyo ang lahat ng qualities na taglay ng isang prinsesa.”

Wala siyang maisip na tugon. Hindi niya maintindihan kung matatawa si Erin o maiiyak sa sinabi nito. Hindi pa siya napuri nang ganoon sa tanang buhay niya. Namumula ang mukhang tumungo na lamang siya.

Tahimik si Jordan hanggang sa marating nila ang tulay sa ibabaw ng Mystic Lagoon.

“So, ’yung babaeng nagugustuhan mo, kilala ko ba siya?”

Minsan ay natyempuhan niya itong kausap ang isang grupo ng senior female students. Narinig niya kung paanong inulan ng tanong ang binata. At nang may magtanong dito kung may nagugustuhan na ito,

he said yes and started describing her. Or so she thought. Kayumanggi at chubby ang huling description na sinabi nito, which wasn't her dahil mestiza at slim siya.

Tumawa ang binata. Napalingon siya. He was staring at her with his deep chocolate eyes and that lazy grin on his lips, standing close, stepping closer.

“You're not that naïve, Erin. Alam mo kung sino ang tinutukoy ko.”

It was the first time he called her by her given name. He said it like a soothing note, a caress. Napigil ng babae ang kanyang hininga nang umangat ang isang kamay nito at haplusin ng likod ng palad ang kanyang pisngi, magaan... banayad... It was the strangest sensation, like a flutter of butterfly wings on her skin. Her cheek tingled, flooded with warmth. Hindi na niya kailangan ng salamin para makitang namumula siya.

Sa henerasyon nila, sixteen is old enough to lose one's virginity. Not that she had already lost hers. Hindi pa ganoon kalakas ang loob niya. What she was feeling might be new to her but not alien. She had read about it in books, had heard her female classmates brag about it often. Yet she knew it was different. It was attraction and... more. Not the passing girlish fancy, or the spur-of-the-moment lust or curious intimacy.

It was something more profound.

Muling hinaplos ni Jordan ang pisngi niya. A shiver rippled through her and it had nothing to do with the weather.

“Jordan...”

“Hindi ko alam kung bakit hindi ka mawala sa isip ko.” Tipid itong ngumiti. Nabasa niya ng dila ang labi. Natuon doon ang mga mata ng binata. Gumalaw ang Adam’s apple nito at tumiim ang mga labi. His face hovered over her, eyes searching, memorizing every contour of her face. His fingers followed the searing path of his gaze as it ended on her lips. He caressed her lower lip with his thumb, as if measuring its fullness. Nang hawakan nito ang kanyang pisngi ay napalunok si Erin.

“You’re special, Princess. Gusto kong tandaan mo ’yan. Alam kong may dinadala ka diyan sa puso mo. Kapag handa ka na, narito lang ako para makinig. I’ll always be here for you.”

Napapikit siya nang bumaba ang mukha nito. And then she felt his lips, on her right cheek.

Nagtatanong ang kanyang mga mata nang tumitig dito.

Meant To Love You - Doreen Laroya

“Don’t look so disappointed, Princess. Someday I’ll give you a proper kiss, something you won’t be able to forget.”